CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

OPISYAL NA PAHAYAG

Mayo 10, 2020

Pakikipag-ugnay: Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach, 562.570.NEWS, jic@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Nag-isyu ang Long Beach ng Mga Patnubay para sa Pagbubukas ng Landas ng Bisikleta at Pedestrian sa Beach, Mga Tennis Center

Long Beach, CA - Ngayon, inihayag ng Lungsod ng Long Beach ang mga patnubay para sa paggamit ng mga daanan sa beach ng mga bisikleta at pedestrian, mga tennis center, at mga tennis court sa mga park na magbubukas Lunes, Mayo 11.

“Alam namin na ang aming komunidad ay nababalisa na makabalik sa labas,” sabi ni Mayor Robert Garcia. “Habang ang aming mga beach ay sarado pa rin, tulad ng marami sa inyo, ako rin ay nag-aabang sa muling pagbubukas ng mga landas ng bisikleta at pedestrian sa beach sa Lunes. Mangyaring tandaan na ipagpatuloy ang piskal na pagdistansya upang makatulong sa pagbukas ng iba pang mga lugar.”

Simula Mayo 11 at hanggang sa karagdagang paunawa, ang mga sumusunod na mga protokol ng kaligtasan ay dapat sundin sa:

Mga Landas ng Bisikleta at Pedestrian sa Beach

- Panatilihin ang distansya na hindi bababa sa anim na talampakan mula sa iba na hindi miyembro ng iyong sambahayan sa lahat ng oras.
- Iwasan ang mga lugar na maraming tao.
- Huwag mag-tipon sa mga grupo o tumambay sa isang lokasyon, maliban kung kinakailangang magpahinga ng kaunti.
- Kinakailangan ang mga panakip sa mukha kapag malapit na nakikipag-ugnayan sa ibang mga tao ngunit hindi kinakailangan habang nagsasagawa ng ehersisyo na may piskal na distansiya.
- Bukas na ngayon ang mga banyo sa beach.
- Ang mga beach at paradahan ng beach ay mananatiling sarado.

Mga Tennis Center

- Kinakailangang magpatupad ng Protokol sa Pisikal na Pagdistansya sa Tennis bago magbukas.
- Ang Pro shop ay pinapayagan para sa curbside pickup lamang.

- Ang mga restawran at konsesyon ay pang takeout lamang.

Ang mga paradahan ng parke ay magbubukas din sa Mayo 11. Ang mga pampublikong parke ay bukas para sa passive na aktibidad lamang, kabilang ang paglalakad, pagtakbo, at pagbibisikleta. Ang mga pagtitipon sa lipunan at pagpipiknik ay hindi pinapayagan sa mga parke o paradahan ng parke. Gayunpaman, ang mga paradahan ng beach ay mananatiling sarado hanggang sa karagdagang paunawa. Mga negosyong tingi, showroom ng bentahan ng kotse, lakaran na landas, at mga golf course ay nagbukas noong Mayo 8 na may paghihigpit at mga katulad na protokol ng kaligtasan.

Ang pagkilos na ito ay ipinatupad ng Opisyal sa Kalusugan ng Lungsod, na si Dra. Anissa Davis, at alinsunod sa Kapangyarihang Pangemehensiya na ibinigay sa Pamamahala ng Lungsod sa pamamagitan ng Proklamasyon ng Lokal na Emerhensiya.

Ang lahat ng kasalukuyan at hinaharap na mga pagbabago sa Utos ng Opisyal ng Kalusugan ng Lungsod na “Masligtas na nasa Bahay,” na nakatakdang mawalan ng bisa Mayo 15, ay mananatiling epektibo hanggang karagdagang paunawa o pagbabago. Patuloy na babaguhin ang Utos kung kinakailangan upang protektahan ang kalusugan ng publiko.

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng mga ginagawa ng Lungsod ng Long Beach para mapanatiling ligtas ang kanilang mga residente, bumisita sa: longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###